



LALAWIGAN NG BULACAN
Damahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

MEMORANDUM CIRCULAR NO. 26, s. 2017

PARA SA : BALIWAG MARKET ASSOCIATION (BMA)

MULA SA : TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

PAKSA : PAGTALIMA SA: KAPASIYAHAN BLG. 55 PLASTIC REDUCTION
ORDINANCE

PETSA : SETYEMBRE 27, 2017

Bilang pagpapaigting ng kampanya alinsunod sa "Plastic Reduction Ordinance", ang tanggapan ng Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) ay nagsagawa ng pagpupulong noong ika-18 ng Agosto kasama ang Baliwag Market Association. Ang napagkasunduan sa naturang pagpupulong ay ang mga sumusunod:

- Mahigpit na pagbabawal sa paggamit ng non-biodegradable (di-nabubulok) plasticbags, styrofoam at mga kauri nito bilang packaging materials sa bayan ng Baliwag at nagtatakda ng kaparusahan sa paglabag dito.
- Ang mga plastik na maaari lamang gamitin ay mga **primary plastic, transparent at oxo-biodegradable**. (*Otso onse, plastic ng yelo at ice candy, pastries packaging, at pang-cover ng pagkain*)
- Ang mga produkto katulad ng isda, karne, sea foods, yelo at iba pang basang produkto ang pwede lamang paggamitan ng **primary packaging o plastic**.
- Paghikayat sa mga mamimili na gumamit ng bayong, fishnet at eco-bags. Para sa mga wet goods, primary plastic lamang ang maaaring gamitin. Maaari ding hikayatin ang mamimili na magdala ng kanyang sariling tupperware o container para sa wet goods.


**DUGONG
BALIWAG
PUSONG
BALIWAG**

Serbisyong May Malasakit

- Pagkakaroon ng segregasyon sa tindahan o establisyamento.
- Sa ika-15 ng Oktubre, ang MENRO ay mag-iikot sa mga tindahan at establisyamento ng Baliwag upang muling magpaalala patungkol sa pagbabawal ng paggamit ng plastik. Itinatakda naman ang Oktubre 16 kung saan magiging epektibo ang pagpapataw ng parusa sa sinumang lalabag sa nasabing ordinansa.

Para sa inyong pagtalima.

“Sa ngalan ng Serbisyong may Malasakit”



FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan

MUNICIPALITY OF BALIWAG



00015649